


5

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 6:
Katapatan sa Sariling Opinyon



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 6: Katapatan sa Sariling Opinyon
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jovylin A. Macawile, Rhoda S. Bordallo

Editor: Caridad P. Baginon, Ma. Shiela C. Adona, Teodorico C. Peliño Jr.

Tagasuri: Juliet L. Lim, Gretel Laura M. Cadiong, David C. Alcober, Lita V. Jongco, Renante C. Delima

Tagaguhit: Crisanto Lopera, Jingerlou D. Inot

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Amenia C. Aspa
Mariza S. Magan
Edgar Y. Tenasas
Mark Chester Anthony G. Tamayo
Gretel Laura M. Cadiong
Ranulfo L. Baay
Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 - 323 - 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 6:
Katapatan sa Sariling Opinyon**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 5** ng *Alternative Delivery Mode (ADM)* Modyul para sa araling **Katapatan sa Sariling Opinyon**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Edukasyon sa Pagpapakatao 5** ng *Alternative Delivery Mode (ADM)* Modyul ukol sa **Katapatan sa Sariling Opinyon**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Surin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Naranasan mo na bang mapagsinungalingan ng iyong kaibigan? O, ikaw ba ay isang tapat na kaibigan? Para sa iyo, paano mo maipapakita ang pagiging matapat? Ang katapatan ay ang pagiging totoo o matuwid ng isang tao na kung saan siya ay hindi nandaraya o nagsisinungaling.

Ang sumusunod na mga layunin ay tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagpapahayag nang may katapatan ng sariling opinyon/ideya at saloobin tungkol sa mga sitwasyong may kinalaman sa sarili at pamilyang kinabibilangan.
- Naipadarama na ang pagiging matapat sa lahat ng pagkakataon ay nakagagaan ng kalooban
- Nakasusulat ng isang liham gamit ang balangkas na nagpapahayag ng paghingi ng tawad sa magulang, guro o kaibigan



Subukin

Basahing mabuti ang bawat sitwasyon at tukuyin kung alin sa mga pagpipilian ang nagpapakita ng katapatan. Isulat sa sagutang papel ang titik ng iyong sagot.

1. Napagtanto ni Celso na sobra ang ibinigay na sukli ng tindera sa *grocery store* na kaniyang binilhan. Ano ang dapat niyang gawin?
 - A. Umuwi kaagad sa bahay pagkatapos bumili.
 - B. Pagalitan ang tindera dahil nagkamali ito.
 - C. Ibalik ang sobrang sukli sa tindera.
 - D. Ilagay sa bulsa ang sobrang sukli.
2. Nakita mo ang iyong kaklase na mabilis na lumabas ng palikuran ng mga babae na parang may tinatakan. Kinabukasan ay nag -anunsyo ang punong guro ng paaralan na mayroong nagsulat sa dingding sa loob ng palikuran. Bilang isang matapat na mag-aaral, ano ang gagawin mo?
 - A. Ipagsigawan sa buong paaralan na ang iyong kaklase ang nagsulat.
 - B. Pumunta sa punong guro at makipag-usap nang mabuti tungkol sa iyong kaklase.
 - C. Ipahiya ang kaklase sa buong paaralan.
 - D. Tumahimik lang at huwag sabihin ang nakita.

3. "Bawal umihi dito". Ito ang karatola na mababasa sa pader sa tapat ng inyong paaralan. May mga kabataang lalaki ang lumabag sa babala na bawal ang umihi sa lugar na iyon. Paano mo aaksyonan ang pangyayari?
 - A. Isumbong kaagad ang mga nakitang lalaki
 - B. Pagalitan ang mga lalaking umihi doon.
 - C. Pagsabihan nang mahinahon ang mga lalaki na bawal umihi doon.
 - D. Sabihin sa punong guro na may lalaking lumabag sa babala ng paaralan.
4. Alam ni Myra na si Jose ang naghagis ng bato sa batang katutubo sa inyong paaralan ngunit natakot siyang sabihin ang katotohanan dahil sa pinagbantaan siya ni Jose. Gustong ipaalam ni Myra ang totoo, kanino niya ito sasabihin?
 - A. Sasabihin ni Myra sa kaniyang mga kaklase.
 - B. Sasabihin ni Myra sa kaniyang kapitbahay.
 - C. Sasabihin niya ito sa guro ng batang katutubo.
 - D. Sasabihin niya ito sa punong barangay.
5. Pinuri ng *Science teacher* si Jane dahil nakakuha siya ng pinakamataas na marka sa pagsusulit. Pinalakpakan siya ng buong klase at pinuri ang nagawa. Mayamaya lang ay dahan-dahan siyang tumayo at pumunta sa gitna. Inamin niya na siya ay nagkodigo. Anong katangian ang ipinakita ni Jane sa kaniyang pag-amin sa kasalanan?
 - A. Pagpapakumbaba
 - B. Pagkamatapat
 - C. Pagkamasunurin
 - D. Pagkamabait
6. Nag-away ang dalawa mong kaklase. Si Niko na matalik mong kaibigan ang nagsimula ng gulo. Bilang kaibigan, ano ang nararapat mong gawin?
 - A. Tutulungan ang kaibigan at makikipag-away din sa kaklase.
 - B. Pagtatawanan ang dalawang nag-aaway.
 - C. Aalis at pababayaang nag-aaway.
 - D. Aawatin ang nag-aaway at pagsasabihan silang dalawa sa mahinahon na paraan.
7. Kailan makikita ang katapatan sa sarili?
 - A. Aangkinin ang gawa ng iba para purihin ng guro.
 - B. Tatanggapin nang maluwag sa loob ang maliit na marka at pag-iigihin ang pag-aaral sa susunod.
 - C. Magagalit kapag pinupuna ng kaklase.
 - D. Maniniwalang palaging tama ang kaniyang ginagawa.

8. Inutusan ng nanay si Mila na bumili ng asukal sa tindahan ngunit nadaanan niya ang mga kaibigang naglalaro. Ano ang dapat niyang gawin?
- A. Sasali sa laro at kakalimutan ang utos ng nanay.
 - B. Pahihintuin ang mga naglalaro.
 - C. Hahayaang maglaro ang mga kaibigan at didiretso sa tindahan para sundin ang utos ng nanay.
 - D. Ibibili ng meryenda ang pera at ipamimigay sa mga kaibigan.
9. Isang opisyal ng barangay si Mang Mario. Ginagampanan niya nang maayos at matapat ang kaniyang mga tungkulin sa kanilang barangay. Ano ang ipinakikita ni Mang Mario?
- A. Katapatan sa guro
 - B. Katapatan sa pamilya
 - C. Katapatan sa paaralan
 - D. Katapatan sa pamayanan
10. Napansin mong walang imik ang iyong nakababatang kapatid. Nang tanungin mo, sinabi niya sa'yo ang problema niya. Ano ang gagawin mo?
- A. Makinig, unawain at maging tapat sa pagbibigay ng payo sa kapatid.
 - B. Pabayaang kapatid na lutasin ang sariling problema.
 - C. Huwag pagsabihan ang kapatid dahil baka masaktan siya
 - D. Isumbong sa nanay para mapagalitan.

Aralin

1

Katapatan sa Sariling Opinyon

Ang pagpapahayag ng katapatan sa sariling opinion/ideya at saloobin ay kapuri-puring gawi na likas sa ating mga Pilipino. Ito ay nararapat na taglayin ng bawat isa upang makuha ang tiwala ng kapuwa.



Balikan

Hanapin ang limang mga salita sa kahon na nakatutulong upang makakuha ng mga kinakailangan at bagong impormasyon. Isulat ito sa sagutang papel.

T	E	L	E	B	I	S	Y	O	N
E	B	A	S	U	S	T	Q	D	A
K	M	D	A	H	Y	O	T	I	C
E	A	A	N	A	U	E	U	Y	T
D	G	K	T	Y	N	S	N	A	I
O	A	L	O	R	O	C	A	R	K
M	S	A	E	D	R	A	D	Y	O
B	I	T	K	A	I	S	A	O	L
D	N	I	T	R	O	J	Y	K	B
I	M	P	O	R	M	A	S	Y	O

Ang limang mapagkukunan ng mga kailangan at bagong impormasyon ay:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Sa maikling pangungusap, ipaliwanag ang kabutihang naidudulot ng mga salitang nabanggit sa itaas.

6. _____
7. _____
8. _____
9. _____
10. _____



Tuklasin

Basahin ang tula sa ibaba at sagutin ang sumusunod na tanong.

Sa Totoo Lang Po!

Kung nais mong maging isang mabuting tao
Maging matapat sa lahat ng ginagawa
Ipaalam at sabihin ang mga inaakala
Sa mga magulang at nakatatanda.

Sa totoo ang kasinungalingan
Ay isang kasalanan na di nahuhugasan
Nagsisilbing batik kahit kaninoman
Kaya't katahimikan ay di makakamtan.

Sa totoo lang dapat kahit masakit
Sabihin natin ang dapat ipilit
Pagsasabi ng totoo ay isang prinsipyo
Na di mababayaran ng kahit na sino.

Sa totoo lang di dapat manloko
Pagkat ang tiwala ng tao ay walang presyo
Ang katapatan tuwina'y isapuso
Sa lahat ng oras at saanmang dako

Ipakita ang katapatan sa lahat ng bagay
Sa isip, sa salita, at maging sa gawa
Maging bahagi ng buhay kahit ikaw ay bata
Upang sa paglaki, kamtin ay gantimpala.



Suriin

Sagutin ang mga katanungan. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang tula?

2. Bakit ito pinamagatang “Sa Totoo Lang Po”?

3. Pumili ng isang saknong at ipaliwanag ang nilalaman nito.

4. Alin sa mga saknong ang iyong naibigan? Bakit?

5. Alin sa mga saknong ang nagpapaliwanag ng pagiging matapat sa ating mga sasabihin kahit minsan may masasaktan?

(6 – 10) Ayon sa nabasang tula, magbigay ng limang halimbawa ng mga gawaing nagpapakita ng katapatan. Piliin sa mga nakasulat sa ibaba ang katangian ng taong matapat.

Ang sumusunod ay mga katangian ng taong **matapat**:

1. Pagiging maunawain at matapat sa pakikipag-usap
2. Pag-iwas sa tsismis o kuwentong walang katotohanan
3. Paggalang sa usapang dapat tuparin
4. Pagtatago ng lihim na ipinagkatiwala ng iba
5. Pagbibigay ng puri na mula sa puso
6. Pagsasabi ng totoo, kahit nakasasakit, ngunit makatutulong upang magbago ang sinabihan.



Pagyamanin

A. Basahin at suriin ang mga pahayag. Isulat ang **Oo** kung ginagawa mo at **Hindi** kung hindi mo ginagawa. Ipaliwanag ang iyong sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nakikipagkaibigan sa masamang barkada
2. Nagdadahilan kung bakit nahuhuli o lumiliban
3. Nagsasabi kapag masama ang loob sa kaibigan
4. Nangongopya sa oras ng pagsusulit dahil hindi nakapag- aral
5. Dinaragdagan ang presyo ng pambili ng gamit sa paaralan
6. Nagsasabi ng totoo kapag tinatanong ng kaibigan kung bagay sa kaniya ang suot na damit
7. Ginagamit ang *gadget* ng kasama sa bahay habang wala ang may-ari
8. Humihiram ng gamit ng iba dahil walang pambili
9. Nagsisinungaling upang hindi mapagalitan
10. Nangungutang sa mga kamag-aral dahil may gustong bilhin na gamit

B. Piliin ang gawain na nagpapakita ng pagiging makatotohanan sa sarili, pamilya, paaralan at pamayanang kinabibilangan. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. May nagpuntang bata sa inyong bahay. Kukunin niya ang kaniyang laruan na nahulog sa inyong bakuran. Bago pa man pumunta sa inyo ang bata, nakita mo na ang hinahanap niyang laruan. Kinuha mo ito.
 - A. Itatanggi mong nasa iyo ang laruan
 - B. Ibabalik sa may-ari ang laruang nakuha sa bakuran
 - C. Papaalisin ang bata
2. Inutusan ka ng iyong nanay na bumili sa tindahan. Sobra ang perang pambili na naibigay sa iyo.
 - A. Ibabalik ang sobrang pera
 - B. Ibibili ng kendi ang sobrang pera
 - C. Itatago ang sobrang pera

3. Nakita mo ang iyong matalik na kaibigan na kinuha ang bolpen ng iyong kamag-aral.
 - A. Sasabihin sa kaibigan na ibalik ang bolpen
 - B. Hindi kikibo at babalewalain ang mga nangyari
 - C. Papauwiin na ang kaibigan
4. Inihabilin sa iyo ng inyong guro na bilangin mo ang mga *test tubes* na ginamit ninyo sa eksperimento pagkatapos ng klase. Nabilang mo na at ibabalik na sana nang napatid ka at nabitawan ang mga *test tubes* na hawak at ito ay nabasag.
 - A. Magkunwari na walang alam sa nangyari
 - B. Ipagtatapat sa guro ang nangyari at sasabihin kung ilan ang nabasag
 - C. Aalis na lamang bigla sa silid-aralan
5. Niyaya ka ng matalik mong kaibigan na dumaan muna kayo sa palaruan bago pumasok sa paaralan. Sa kapipilit ay sumama ka sa kaniya dahilan para mahuli kayo sa klase. Tinanong kayo ng inyong guro kung bakit ngayon lang kayo dumating.
 - A. Sasabihin sa guro na inutusan ng iba pang guro kung kaya nahuli sa klase
 - B. Hindi na lamang kikibo
 - C. Ipagtatapat sa guro ang ginawa, hihingi ng tawad at mangangakong hindi na uulit



Isaisip

Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang **Oo** o **Hindi** batay sa iyong sagot sa sumusunod na sitwasyon. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Pinakikinggan mo ba ang payo ng iyong mga magulang na mag-aral nang mabuti at huwag lumiban sa klase?
2. Ipinipilit mo ba ang iyong gusto kahit alam mong hindi kayang bilhin ng magulang mo?
3. Malugod mo bang tinatangap ang isang pasya para sa kabutihan ng lahat nang may katatagan ng loob?
4. Pinakikinggan mo ba ang puna o payo ng mga nakatatanda nang may katatagan ng loob?

5. Nagreklamo ka ba kung hindi inaaprubahan ng lider ang iyong opinyon?
6. Nakikinig ka ba sa opinyon ng mga kamag-aral mo?
7. Ipinahahayag mo ba nang malumanay ang iyong mga suhestiyon o ideya sa mga talakayan?
8. Ipinipilit mo ba na tanggapin ng nakararami ang iyong rekomendasyon sa plano ninyong proyekto?
9. Tinatanggap mo ba nang may katatagan ng loob ang puna ng iba?
10. Nagreklamo ka ba sa lider matapos magkaroon ng desisyon ang nakararami?



Isagawa

Balikan ang iyong mga sagot sa **Isaisip**. Pumili ng *limang* sitwasyon na nakalahad sa **Isaisip** at isulat ito sa unang kolum. Isulat sa pangalawang kolum ang iyong naging sagot, at sa pangatlong kolum naman ay magbigay ng paliwanag sa iyong sagot. Gamiting bagay ang ibinigay na halimbawa. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Mga Sitwasyon/ Gawain	Sagot	Paliwanag
Ipinipilit mo ba na tanggapin ng nakararami ang iyong rekomendasyon sa plano ninyong proyekto?	Hindi	Sapagkat mas mainam na ang bawat miyembro ay may partisipasyon sa pagdedesisyon ng pangkat



Tayahin

Alalahanin mo ang iyong mga naging kasalanan sa magulang, guro, o kaibigan na ipinagtapat mo at inihingi mo ng tawad. Ipahayag ang iyong pagtatapat sa pamamagitan ng isang liham na iyong isusulat sa isang *bond paper*. Bigyang-diin ang mga natutuhan sa karanasang ito. Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba na magsisilbing balangkas ng iyong sulat.

Mahal kong _____,


Taos puso po akong humihingi ng tawad sa mga kasalanang nagawa ko sa inyo, gaya ng _____

Umasa po kayo na gagawan ko ng paraan na hindi na ito maulit pa. Muli, ang akin pong paumanhin.



Karagdagang Gawain

Iguhit sa iyong sagutang papel ang *graphic organizer*. Batay sa pinag-aralang paksa sa modyul na ito ay magbigay ng apat na salita o pahayag na maiuugnay sa salitang KATAPATAN. Bumuo ng isang pangungusap na magpapaliwanag sa kaugnayan ng bawat salita/ pahayag na naitala. Isulat ang iyong sagot sa mga kahon.





Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. c
2. b
3. c
4. c
5. b
6. d
7. b
8. c
9. d
10. a

Balikan

1. telebisyon
2. aklat
3. diyaryo
4. magasin
5. radio

(6-10)

Maaaring magkaiba-iba ang sagot

Suriin

1. tungkol sa katapatan
2. maging tapat sa lahat ng pagkakaon
3. maaaring magkaiba-iba ang sagot
4. maaaring magkaiba-iba ang sagot
5. ikatlong saknong 6-10. Maaaring magkaiba-iba ang sagot

Pagymamanin

A.

1. Hindi
2. Hindi
3. Oo
4. Hindi
5. Hindi
6. Oo
7. Hindi
8. Oo
9. Hindi
10. Hindi

B.

1. b
4. b
2. a
5. c
3. a

Isaisip

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Hindi
6. Oo
7. Oo
8. Hindi
9. Oo
10. Hindi

Isagawa

Maaaring magkaiba-iba ang sagot.

Tayahin

Maaaring magkaiba-iba ang sagot.

Karagdagang Gawain

Maaaring magkaiba-iba ang sagot.

Sanggunian

Alvior, Jennifer M. Dejarlo. n.d. *Compilation of Edukasyon sa Pagpapakatao Contextualized DLL*. Biliran, Leyte: DepEd Division of Biliran.

Department of Education. n.d. *Edukasyon sa Pagpapakatao 5: Contextualized Learning Resources*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide in Edukasyon sa Pagpapakatao: Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2016. *K to 15 Learner's Materials in Edukasyon sa Pagpapakatao: Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank in Edukasyon sa Pagpapakatao 5*. Philippines: Department of Education.

Ylarde, Zenaida R, and Gloria A Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon City: Vibal Group Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph